DepEd Advisory No. 216, s. 2015
July 17, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

# TIMPALAK USWAG DAREPDEP NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Timpalak Uswag Darepdep* na magtatampok sa mayaman at malawak na imahinasyon ng kabataang Filipino mula sa iba't ibang rehiyon. Ang patimpalak ay bukas simula sa ika-1 ng Agosto 2015 hanggang ika-26 ng Pebrero 2016.

Layunin ng Timpalak na payabungin ang produksiyong pampanitikan ng mga rehiyon sa pamamagitan ng mga kabataang manunulat. Ito ay isang paraan ng KWF upang maitanghal ang kontemporaneong panitikan ng mga rehiyon na nakasulat sa kanilang wikang katutubo.

Ang kategorya ng timpalak ay nagpapalit-palit sa bawat taon sa iba't ibang kategorya-maikling kwento, tula, dulang may isang yugto, at sanaysay-at sa tutukuying apat na katutubong wika sa bansa.

Para sa taong 2015-2016 ng Timpalak Uswag Darepdep, ang mga kategorya ay maikling kuwento at tula sa sumusunod na mga katutubong wika: Ilokano, Bikol, Sebwano, at Maranaw. Ang bawat kalahok ay maaaring magsumite ng isang entri para sa kategorya ng maikling kuwento at sa entri para sa kategorya ng tula.

Ang mga mag-aaral na may edad 12-17 bago ang ika-26 ng Pebrero 2016 sa mga pampubliko at pampribadong paaralan ay imbitadong sumali sa aktibidad na ito.

Ang pagkakaloob ng premyo sa mga magwawagi ay gaganapin sa *ika-6 ng Abril 2016* kasabay ng paggunita sa *Araw ni Balagtas* at sa *Buwan ng Panitikan* na ipinagdiriwang tuwing buwan ng Abril ng bawat taon.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag sa:


Lupon sa Uswag Darepdep
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/F Watson Building, 1610 Kalye J.P. Laurel
Malacañang Palace Complex, San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2525/24; (02) 736-2519; (02) 734-5547
(02) 736-3830; (02) 733-7260; (02) 516-0326
Email: komfil.gov@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph


Alma/DA darepdep
0426-July 14, 2015